Ang ating sistema ng kalusugan at kapansanan

Pampublikong Kalusugan

Ang pampublikong kalusugan ay nakatuon sa paghadlang sa iyo na magkasakit at tumulong sa iyo na aktibong mamahala ng iyong kalusugan at kagalingan. Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng:

- pagtataguyod ng malulusog na pag-uugali – halimbawa, tumigil sa paninigarilyo, maging aktibo, kumain nang mabuti
- pagprotekta sa kalusugan ng mga tao sa pamamagitan ng pagtiyak na walang dalang sakit ang tubig at pagkain
- paghadlang sa mga sakit sa pamamagitan ng pagbabakuna, mga programa ng pag-screen, at iba pang mga serbisyo na dinisenyo upang masubaybayan ang kalusugan at kagalingan
- Pagtataguyod ng malusog na pampublikong polisiya gaya ng aktibong mga opsyon sa transportasyon, batas sa pagbabawal ng paninigarilyo, at nabawasang pag-access sa mga lugar ng sugalan at tindahan ng alak
- pagtugon sa mga epidemya at pandemya.

Ang isang mas matatag at mas nakaugnay na tugon ng pampublikong kalusugan ay nangangahulugan na ang mga taga-New Zealand ay mababuhay nang mas malusog nang mas matagal.

Ano ang nagbabago?

Ang bagong Public Health Agency (Ahensya ng Pampublikong Kalusugan) sa loob ng Ministri ng Kalusugan ay magiging responsable para sa polisiya ng pampublikong kalusugan, istratehiya, pagsubaybay at intelligence (kaalaman). Tutulong ito sa sistema upang mas mabuting maunawaan at tumugon sa mga banta sa pampublikong kalusugan at gamitin ang ebidensya bilang sentro sa paggawa ng polisiya.

Ang Health NZ ay magkakaroon ng isang pambansang serbisyo ng pampublikong kalusugan, na pagsasama-samahin ang kasalukuyang 12 mga Yunit ng Pampublikong Kalusugan upang maging isang pinatatakbong serbisyo. Mas mahusay nitong makokoordina ang mga serbisyo ng pampublikong kalusugan, mga pagtugon sa mga banta katulad ng COVID-19 at mga paglitaw ng tigdas, at mga isyu gaya ng paninigarilyo.

Ang Te Hiringa Hauora/ang Health Promotion Agency ay malilipat sa Health New Zealand at magiging isang pagsasaluhang serbisyo sa buong Health NZ at Māori Health Authority. Ito ay nangangahulugan na magkakaroon ng di-pabagu-bagong kakayahan at kadalubhasaan para sa disenyo at paghahatid ng kampanya sa pagtataguyod ng kalusugan na madaling makukuha sa buong sistema.

Magtatatag ng bagong dalubhasang komite na pagpapayo tungkol sa pampublikong kalusugan, upang magbigay sa Pamahalaan ng dalubhasa at independiyenteng payo tungkol sa pampublikong kalusugan. Ang komite na ito ay susuportahan ng Public Health Agency.

Bakit?

Bagama't ang aming tugon sa COVID-19 ay nanguna sa mundo, ito rin ay nagbigay-diin sa mga kahinaan, lalo na at ang ating 12 panrehiyong Public Health Unit ay nangailangan ng mas mahusay na pambansang koordinasyon at pamunuan kapag tumutugon sa mga banta sa buong bansa, at magawa pa lalong magbahagi ng pinakamahusay na gawi at mga pagpapabuti sa buong sistema.

Ang ating sistema ng kalusugan at kapansanan ay maaaring bumuti sa paggamit ng ating nalalaman tungkol sa kalusugan ng ating populasyon upang pagbatayan kung paano natin pinakamahusay na maihahatid ang pangkalusugang mga serbisyo. Ito ay nangangahulugan ng pagsasama-sama ng mga pangunahing kakayahan katulad ng analytics at intelligence sa sentro ng ating sistema upang maging batayan ng polisiya, mga programa at aktibidad. Alam din natin na higit pang pagtuon ang kailangan sa paghadlang ng mga sakit, at pagdisenyo at paghahatid ng mga serbisyo na nagtataguyod at nagpoprotekta ng mabuting kalusugan at kagalingan.

Ano ang magiging anyo nito sa hinaharap?

Ang sistema ng kalusugan at kapansanan ay mas tutuon sa pagtataguyod ng mabuting kalusugan at kagalingan, maagang paghadlang ng sakit at paghahatid ng pangangalaga sa mga tao sa mga komunidad.

Ang mga serbisyo ng pampublikong kalusugan ay mas matatag na pamumunuan at ikokoordina sa buong sistema, upang tiyakin ang mas matatag na pambansa, panrehiyon at lokal na mga pagtugon sa mga banta sa ating kalusugan. Ito ay titiyak na ang mga aktibidad na panghadlang at pang-pamamagitan ay bagay-para-sa layunin at magsasaalang-alang sa mga palagay ng mga tao, whānau at mga komunidad.

Ang mga lokal na serbisyo ay ididisenyo ayon sa pangangailangan ng mga komunidad, at ipaplano ayon sa magiging anyo ng kanilang pangkalusugang pangangailangan sa hinaharap. Ang mga datos at iba pang pagkukunan ng intelligence ay gagamitin sa buong sistema upang maidisenyo ang mga polisiya at serbisyo na mas mabuting idinisenyo upang hadlangan ang sakit at upang masubaybayan ang mga pangkapaligirang banta sa pampublikong kalusugan.

Ano ang susunod?

Sa mga darating na buwan, magkakaroon ng mas detalyadong disenyo kung paano gagana sa tunay na buhay ang mga bagong kaayusan, at ang paglahok ng mga lokal na komunidad sa pagdisenyo ng lokal na mga serbisyo ng pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng mga lokalidad. Kabilang sa gawaing ito ang pakikipag-ugnayan sa isang hanay ng mga dalubhasa at mga interesadong partido (stakeholder).

Gusto mo bang malaman ang higit pa?

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa gawain at progreso ng mga reporma sa kalusugan ay makukuha sa website ng DPMC sa ilalim ng gawain ng Transition Unit:
www.dpmc.govt.nz/our-business-units/transition-unit